

Tamang pagtapon ng mga recyclables at household trash



~Sa tamang pagtapon ng basura, gumagaan ang pamumuhay, lumilinis ang kapaligiran ~

Sa mga katanungan ▶ Kani City Hall Environment Department 0574-62-1111

~Mga Patakaran sa Pagtapon ng Basura~

Taong 2022 Version

- 1 Ihiwalay ang mga basura ayon sa uri. Tingnan ang summary ng pagtapon ng basura sa likod ng collection schedule.
- 2 Sa araw ng koleksyon ng basura, ilabas lamang ang mga basura bago mag alas- 8 ng umaga. Ipinagbabawal din ang pagparada sa intersection sa loob ng 5 metro.
- 3 Isulat ang pangalan at lugar ng tirahan sa garbage bag at sa sticker.
- 4 Ang bigat ng isang garbage bag ay hanggang 20kg, i-drain ang kitchen waste

Burnable garbage

Mga basurang maaring itapon sa basurahan

Ilagay ang burnable garbage sa garbage bag na itinalaga ng lungsod ng Kani.

Basurang nabubulok (i-drain mabuti) Papel, tela, vinyls, PET bottle na hindi pangkain/inom at hindi matanggal ang dumi, maninipis na plastic na maaaring mapunit gamit ang kamay
Para sa tamang pagtapon ng cut branches, tingnan sa ibaba.

Non-burnable garbage (Mga basurang hindi nasusunog o mahirap masunog)

Mga hindi nasusunog na basurang maaring itapon sa basurahan

Gumamit ng hindi nasusunog na supot na itinalaga ng lungsod ng Kani o lagyan ng oversized garbage sticker.

Non-burnable garbage (Hindi nabubulok)

○Metal Materials (basurang mahirap i-proseso)

- Home Appliances (maliban sa recyclable home appliances)
- LED light bulbs
- Plastics ※Ang mahirap i-proseso ay itapon sa hindi nasusunog na basura.
- Metal ※Ubusin ang laman ng spray cans bago itapon.

○Glassware glass items, bombilya, cosmetic and medicinal bottles, atbp.

○Ceramics tiles, semento, plato, tea cups, atbp.

- Ibukod ng plastic bag ang metal materials, bottles, ceramics, atbp.
- Laging icheck ang schedule ng koleksyon ng basura.

—Oversized garbage— (hindi dapat lagpas sa 150 cmx80cmx60cm at hanggang 20 kilo lang nag bigat)

- ※Para sa mga basura na lagpas sa nakatakdang sukat at bigat, bumili ng sticker sa city hall at idikit sa itatapong basura.
- Halimbawa: Mga furniture, futon, bisekleta at iba pa.
- ※Para sa bisekleta, ski board at iba pang mga bagay na lagpas sa naitalang lapad ay maaring pa ring itapon.

Mga materyales na kahoy at mga putol na sanga ng kahoy

Kung ang kapal ay higit sa 10cm, hindi maaaring itapon sa basurahan.

Mga materyales na kahoy at mga putol na sanga ng kahoy ay maaring i-recycle Magtulungan tayo sa pag-recycle Kapag ito ay lumagpas sa 10cm, o kaya ay nais mo itong itapon bilang recyclable material, makipag-ugnayan sa mga lisensyadong contractor na naka lista sa likod. (May bayad)

Sanga/kahoy

Nasusunog na basura kung hanggang 3cm ang kapal at kasya sa garbage bag

Hindi-nasusunog na basura kung ang kapal ay 3cm~10cm at kasya sa garbage bag

Board/tabla

Hindi-nasusunog na basura kung hindi kasya sa garbage bag at hanggang 10cm ang kapal

Mga materyal na maaring dalhin sa Recycling Station

○Para sa mga boteng gamit sa inumin at pagkain (Para sa mga boteng hindi ginagamit sa pagkain, itapon bilang Non-burnable glass material)

- 1 Boteng walang kulay
- 2 Boteng kulay brown
- 3 Mga boteng may ibang kulay
- 4 Returnable Bottles (Bote ng beer hanggang 1.8 liters lang)

※Ihiwalay ng naayon sa kulay, at ilagay sa tamang container (Kulay asul).

Hugasan bago itapon sa hindi nasusunog na basura dahil hindi kokolektahin kung madumi at basag.

○Paper container at Wrapping paper

- Tanggalin ang mga materyales na hindi papel, kung hindi matanggal itapon bilang Burnable garbage.

○Lata na gamit sa pagkain, pet bottle at styro tray

- 1 Pinaglasyang lata na ginagamit sa pagkain
- Aluminum at Steel Can (Cap at Takip itapon sa Non burnable Solid Waste)
- 2 Pet bottle (Tanggalin ang takip at label at itapon sa recyclables.)
- 3 Para lamang sa may recycle mark: Mga styrofoam na tray o mga lalagyan

※Hugasan muna bago itapon.

※Ibukod ayon sa uri at ilagay sa net.

Paalala! Bawal magtapon ng ganitong basura dito. Ugaliin ang tamang pagtatapon ng basura, sundin ang mga patakaran. Kung hindi, ang lahat din ang mahihirapan.

Mga hindi maaaring itapon sa basurahan

●Mga basurang Hindi maaaring maproseso sa Sasayuri Clean Park

- Mga kemikal na ginagamit sa agrikultura, piyesa ng sasakyan
- Gulong ng motorsiklo o sasakyan, fire extinguisher
- ※Kumunsulta sa tindahan kung saan binili o sa manufacturer.

●Nasa ibaba ang mga basura na hindi maaaring iproseso sa Sasayuri Clean Park:

- Bola ng bowling, batong ginagamit sa tsukemono (naprosesong bato), base ng sampayan, gypsum board, slate, heat insulating material, vault (fire proof), iba pa
- (※Tingnan ang likurang pahina para sa mga lisensyadong collector sa lungsod (may bayad). Para sa iba pang detalye, tingnan ang city homepage.

●Lumampas sa sukat ng oversized garbage

●Para sa maramihang basura dahil sa paglilipat at katulad na situwasyon

- ※Personal na makipag-ugnayan sa mga lisensyadong kontraktor ng syudad ng Kani (Tingnan ang listahan sa likod).
- (Ang bayad ay depende sa klase at dami ng materyales na ipapahakot. Para sa listahan ng mga lisensyadong kolektor, tingnan sa likod.)

●Mga kinokolektang recyclables

Dyaryo, magazines, boxes, paper pack (itapon sa mga paaralan at eco-domes)

●Mga baterya, fluorescent tube, mercury-type thermometer at blood pressure monitor

- ※Itapon sa collection box na nasa city hall, district centers, atbp.
- Itapon ang bumbilya bilang Non-burnable Glass Materials at LED light bulb ay Non-burnable Metal Materials.
- Para sa button battery, itanong sa tindahan kung saan binili.

●Mga recyclables na de kuryente

(May kaparusahan sa batas ang ilegal na pagtapon ng basura)
 Aicon, Freezer at Ref, Washing machine, Dryer, TV (Plasma at tube)
 Itapon ang materyales na naayon sa Home Appliances Act Law. Tingnan ang likurang pahina para sa karagdagang detalye.

Gamitin ang garbage bag na itinalaga ng lungsod ng Kani

Hindi kokolektahin kung gumamit ng garbage bag ng ibang lungsod, plastic bags o boxes!

Ang mga opisyal na garbage bag at Over-size Garbage Sticker na itinalaga ng syudad ng Kani ay mabibili sa City hall, mga District Centers, Supermarkets, Convenience stores, at drug stores. Magtanong lamang sa staff ng mga nasabing bilhan.



Translucent ang kulay ng Burnable Garbage Bag

Huwag ilagay sa non burnable garbage ang mga aluminiyat steel cans at iba pang uri ng bote



Semi-transparent ang garbage bag ng hindi nasusunog na basura

Ang araw ng koleksyon ng mga basurang Ironware, ceramics at salamin ay magkaka-iba! Huwag maglagay ng PET bottle.



Dikitan ng oversized garbage sticker kung hindi kasya sa garbage bag at itapon sa araw ng koleksyon nito. (150cm x 80cm x 60cm, hanggang 20kg)

Huwag kalimutang ilagay idikit ang sticker!

Nangongolekta ng mga hindi na ginagamit na maliit na appliances.

Tapunan: City hall, sa mga District Centers at Eco Dome
 Mga kinokolektang materyales: Mga materyales na kasya sa bukasang ng Collection Box (30cm x 15cm) Tingnan ang listahan sa baba

Cellphone, Personal Computer, Tablet, Electric Dictionary, USB, Portable music player, Digital Camera, Portable Video Camera, Game Consoles (Gameboy, Nintendo atb.), Electric Toothbrush, Pang-ahit na de kuryente, Adapter, Remote Control, Iba't ibang klase ng cable wire, Calculator, E-cigarette/ Vape, Rechargeable battery at iba pa

Mga Puntong Dapat Pagtuunan ng Pansin

- I-delete ang mahalagang impormasyon bago itapon.
- Itapon ang battery sa collection box sa city hall, district centers, atbp.
- Balutin ng scotch tape and rechargeable battery bago itapon sa collection box. Itapon kasama ang body kung hindi ito natatanggal.
- Hindi na maaaring bawiin ang naitapon ng gamit. Itapon sa hindi nasusunog na basura kung hindi kasya sa collection box.

Para sa araw ng koleksyon ng Non-burnable metal materials tingnan sa Garbage Collection Schedule.

Tamang Paghihiwalay at Pagtatapon ng Household garbage at Recyclables

Kani City Eco-Dome: Kinokolekta ang mga recyclables

[Kinokolektang Bagay]

Para sa lugar, araw at oras: tingnan sa bandang kanan

Paalala①~④ Hugasan muna bago itapon.

① 4 na klase ng bote na ginagamit sa pagkain at inumin (Walang kulay, Brown, Ibang kulay at mga Returnable bottles (Halimbawa: Bote ng beer)

※Bawal ang lalagyang bote na may mantika.

② 2 uri ng lata na gamit sa pagkain (Aluminum Can, Steel Can)

Hindi pwede ang spray cans at lalagyan ng grasa.

③ PET bottles (inumin, alak, soy sauce, atbp.)

※Ang nahugasan at natanggalan ng takip at label ay kokolektahin.

※Kinokolekta din ang takip.

④ Styrofoam/trays (may Recyclable mark)

(Hati-hatiin sa maliliit na size bago itapon.)

⑤ 6 na uri ng papel: dyaryo, magazines, paper packs, boxes, paper container, wrapping paper

⑥ Mga Damit (malinis at hindi sira) ※Itapon ng nakalagay sa plastic.

⑦ Gamit na mantika (vegetable oil, atbp.) ※Ilagay sa PET bottle bago itapon.

⑧ fluorescent tube, mercury thermometer, Mercury blood pressure monitor

⑨ Rechargeable Battery (Para lamang sa wala ng laman)

⑩ Maliliit na home appliances

※Para sa mga detalye, tingnan sa likod

※Hindi pwede magtapon ng bisekleta o baterya ng motor.


⑪ Duvet/comforter Para sa mga detalye, tingnan sa baba.



Omori Debris Disposal Area

Bukas tuwing ika-2 at ika-4 na Linggo ng buwan, 9:00 AM~4:30 PM (4:00PM ang huling tanggap)

Fee: Hanggang 1 ton - walang bayad, 1 ton ~ ¥540 sa bawat 500 kilos [Mga paalala] Ang mga sumusunod lamang ang maaring dalhin: Mga materyal na ceramics galing sa bahay tulad ng mga bowl, concrete block at roof tile (Kawara). Hindi rin tinatanggap ang mga bato, lupa, gypsum board at mga materyales na yari sa asbestos. Hindi rin tinatanggap ang mga materyales na galing sa pagbabaklas ng bahay.



※Sarado kung may disaster warnings.

Libreng koleksyon ng duvet/comforter

Recyclables ang balahibo o feather materials at ito ay nakakatulong sa pagbawas ng basura.

Mga maaring kolektahin: Kung ang materyal ay gawa sa 50% pataas na Feather material (Tingnan ang impormasyon sa label.)

Mga hindi maaring kolektahin: Mga basang bagay, Feather Futon, Down Jacket (Insulated Jacket) at iba pa.

Lugar at oras ng koleksyon.

① Kani City Social Welfare (Fukushi Center) Lunes hanggang Biyernes 8:30 ng umaga hanggang 5:15 ng hapon


Ang kinikitang pera mula sa pagrerecycle ay ginagamit sa pagsuporta sa mga aktibidad ng Akaihane Community Fund

② Kani City Eco-Dome: Tingnan ang detalye sa bandang kanan

Kani City Eco-Dome

Martes at Huwebes - 9 AM~12 NN Tuwing Linggo - 9 AM~3 PM

※Hindi kasali ang New year's vacation



※Sarado kung may disaster warnings.

Tamang pagtapon ng Personal Computer

Ang pagtatapon ng personal computer ay nakadepende kung ito ay may recycle mark or wala



May recycle mark

Itapon sa Small Appliances collection box o kaya ay tawagan ang manufacturer para sa tamang pagtapon.

Walang recycle mark


maaaring itapon sa Small Electric Appliances Collection box o kaya ay itapon bilang Non-burnable Metal Materials.

Kung ang itatapong computer ay hindi kasya sa collection box, itapon bilang Non-burnable metal materials. Siguraduhing tanggalin lahat ng mga personal na impormasyon bago itapon.

Paraan ng pagtapon ng computer Pagkolekta ng computers sa pamamagitan ng delivery

Maaaring ipakolekta ng libre ang mga hindi na ginagamit na computer gamit ang courier. Ang courier ay maaring dumating upang kunin ang computer, isang araw hanggang pitong araw pagkatapos mag-apply sa internet (Walang bakasyon tuwing holidays).

Ang pagtatapon ng Brown Can TV ay may bayad. Ito ay naglalaman ng mga delikadong kemikal na nangangailangan ng espesyal na proseso.



▼Para sa aplikasyon at iba pang detalye

Rinette Japan hanapin

<https://www.renet.jp/>

Telepono: 0570-085-800

Alas 10 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon

Paraan ng pagtatapon sa mga appliances

Paalala: Ang bayad ay depende sa manufacturer. Para sa detalye at iba pang katanungan, tumawag sa Home Appliances Recycle Ticketing Center: TEL: 0120-319640

Siguraduhing itapon ang mga appliances tulad ng TV, Ref, Freezer, Washing machine, dryer, at aircon na ayon sa Home Appliances Recycling Act Law.

① Dalhin sa Appliance store.

① Kung saan nabili ang gamit.

② Mga hindi na kailangang gamit na pinalit sa tindahan

② Makipag-ugnayan sa mga lisensyadong kolektor ng basura

Mag-request sa mga lisensyadong kolektor upang hakutin ang basura.

※Itanong sa kanila ang tungkol sa fee.

③ Direktang dalhin sa itinalagang lugar ng koleksyon.

Sulatan ang "Appliance Recycle Ticket" sa post office o Japan Post Bank at ipadala ang bayad ng pagrecycle. Dalhin ang resibo (ibibigay pagkatapos maipadala ang bayad), ang "Appliance Recycle Ticket" at ang itatapon na appliance alinman sa mga nakasulat sa ibaba.

① Komori Sangyo Company Minokamo City Kamonocho Ichihashi 1129 TEL: 0574-54-1283

② Tokai Seino Unyu Company Gifu Tono Branch Toki City Oroshi cho Nishiyama 304-912 TEL: 0572-57-9015

Mga paalala tungkol sa mga basurang galing sa mga negosyo

- Ang mga basura ay responsibilidad ng may-ari ng negosyo
- Hindi maaaring magtapon sa mga garbage collection site.
- Tumawag sa mga lisensyadong kolektor o Sasayuri Clean Park para sa detalye.
- Ang industrial waste ay hindi maaaring itapon sa Sasayuri Clean Park.

Pagtatapon ng basura sa oras ng sakuna

○ Bawal magtapon agad ng basura pagkatapos ng lindol ○

Magsasara ang Sasayuri Clean Park ng 3 araw para sa inspeksyon kung may lindol na higit 5 intensity. Maaaring mapaw ang basura at maging sanhi ng hindi pagdaan ng mga sasakyang pang-emergency.

○ Itapon lamang ang basura sa tamang tapunan ○

Sa oras ng sakuna, maglalaan ang siyudad ng Kani ng pansamantalang tapunan ng basura. Sa mga panahong ito, ang mga patakaran at paraan ng pagtapon at paghihiwalay ng basura ay iba sa nakagawian sa dahilang kinakailangang mapabilis ang pagproseso at pagrecycle ng mga materyales. Ipapaalam kung mayroon ng nakalaang pansamantalang tapunan ng basura.

Lisensyadong Kontraktor sa syudad ng Kani

Materyales gawa sa kahoy ※Kinakailangan dalhin mismo sa lugar

● Kobayashi Sannosuke Company Branch, Kani Factory
Kani City Dota 1500 TEL: 0574-26-2138

Mga maaaring kolektahin: Mga putol na sanga ng kahoy, tabla, ugat ng kahoy (tanggalin ang lupa) damo at kawayan (hindi kasali ang ugat)

● Marumitsu Itou Company Kani City Yabasama 553-1 TEL: 0574-60-3282
Mga tinatanggap na mga materyales: Mga putol na sanga ng kahoy, ugat, damo at kawayan (hindi kasali ang ugat)

Pagkolekta at transportasyon

Maaaring magrequest upang maproseso ang ilang partikular na basura. Tumawag para sa iba pang detalye.

● Hashimoto Co. Kani City Shimoedo 233-1 TEL: 0574-63-1111

● Komori Sangyo company Minokamo City Kamonocho Ichihashi 1129
TEL: 0574-54-1283